Tagalog

**Kayo**

- Kayo ba ay hinikayat sa pamamagitan ng mga kasinungalingang pangako (gaya ng trabaho, mataas na sweldo...) na pumunta sa Germany?
- Kinuha ba sa inyo ang inyong mga papeles?
- Kayo ba ay pinupwersa mag-prostitute o pinilit na makipag-sex na labag sa inyong kagustuhan?
- Kayo ba ay sinisingil ng utang na hindi naman ninyo inutang?
- Kayo ba ay pinipilit mag-trabaho nang walang kabayaran o kinukuha ba ang inyong sweldo?
- Kayo ba ay binubugbog, kinokontrol, pinapahiya, ginagahasa, pinagbabantaan o pine-pressure?

Kung kayo ay dumadanas ng kahit na isa lamang sa mga pangayayaring ito o kung kayo ay nakaranas ng katulad ng mga ito ay tawagan ninyo kami:

07131-3901491 (office hours)

07131-84531 (24 oras bukas)

Kung kayo ay nasa kagipitan ay maaari rin kaming tawagan sa weekend at sa gabi.

07131 3901491
(office hours)

07131 84531
(24 oras bukas)

mitternachtsmission@diakonie-heilbronn.de

**Kami** Ay handang tumulong sa pamamagitan ng:

- Pagsangguni, pag-alalay at pagpayo
- Pagbibigay ng kaalaman ukol sa *inyong* karapatan
- Pagtatatag ng ligtas na tirahan
- Pagtutustos ng mga pangangailangan: pagkain, damit at mga bagay pangkalusugan
- Kung ninanais rekomendasyon sa mga abogado o manggagamot
- Kung ninanais pagbibigay kaalaman sa pulis, konselado at iba pang kinauukulan
- Pagtulong at pag-alalay sa pagsasakdal sa hukuman
- Pagtulong na makapagtatag ng kabuhayan sa Germany o pagtulong na makabalik sa sariling bansa.

Ang aming mga serbisyo ay walang bayad at lihim! Huag kayong mag-atubili kung kayo ay hindi marunong ng salitang German o English sapagkat mayroon kaming taong tagapag-salin ng mga wika sa Tagalog. Kami ay magbibigay lamang ng kaalaman sa pulis o anupamang kaukulan kung kayo ay sang-ayon dito.